

Welcome to the Church of Joy

By Elder Patrick Kearon
Of the Quorum of the Twelve Apostles

Welcome sa Simbahan ng Kagalakan

Ni Elder Patrick Kearon
Ng Korum ng Labindalawang Apostol

October 2024 general conference

Because of the redeeming life and mission of our Saviour, Jesus Christ, we can—and should—be the most joyful people on earth!

I was baptised into The Church of Jesus Christ of Latter-day Saints on Christmas Eve of 1987, nearly 37 years ago. That was a truly wonderful day in my life and in my eternal journey, and I'm profoundly grateful for the friends who prepared the way and brought me to the waters of that new birth.

Whether your baptism was yesterday or years ago, whether you meet in a large multiward Church building or under a thatched canopy, whether you receive the sacrament in remembrance of the Saviour in Thai or Swahili, I would like to say to you, welcome to the church of joy! Welcome to the church of joy!

The Church of Joy

Because of the loving plan of our Heavenly Father for each of His children, and because of the redeeming life and mission of our Saviour, Jesus Christ, we can—and should—be the most joyful people on earth! Even as the storms of life in an often-troubled world pound upon us, we can cultivate a growing and abiding sense of joy and inner peace because of our hope in Christ and our understanding of our own place in the beautiful plan of happiness.

The Lord's senior Apostle, President Russell M. Nelson, has spoken of the joy that comes from

Dahil sa mapagtubos na buhay at misyon ng ating Tagapagligtas na si Jesucristo, tayo ay maaaring—at dapat—maging pinakamasasayang tao sa buong mundo!

Nabinyagan ako sa Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw noong Bisperas ng Pasko ng 1987, mga 37 taon na ang nakakalipas. Iyon ay talagang napakagandang araw sa buhay ko at sa aking paglalakbay sa kawalang-hanggan, at lubos ang aking pasasalamat sa mga kaibigang naghanda at nagdala sa akin sa tubig ng bagong buhay.

Kayo man ay nabinyagan kahapon o maraming taon na ang nakalipas, kayo man ay nagtitipon sa isang gusali ng Simbahan o sa isang kubo, tinatanggap man ninyo ang sakramento para alalahanin ang Tagapagligtas sa wikang Thai o Swahili, nais kong sabihin sa inyo, welcome sa simbahan ng kagalakan! Welcome sa simbahan ng kagalakan!

Ang Simbahan ng Kagalakan

Dahil sa mapagpalang plano ng ating Ama sa Langit para sa bawat isa sa Kanyang mga anak, at dahil sa mapagtubos na buhay at misyon ng ating Tagapagligtas na si Jesucristo, tayo ay maaaring—at dapat—maging pinakamasasayang tao sa buong mundo! Kahit na dumaranas tayo ng mga pagsubok sa buhay sa magulong mundong ito, maaari tayong magkaroon ng kagalakan at kapayapaan ng kalooban dahil sa ating pag-asa kay Cristo at sa ating pag-unawa sa ating lugar sa magandang plano ng kaligayahan.

Ang senior na Apostol ng Panginoon na si Pangulong Russell M. Nelson ay nagsalita tung-

a life centered on Jesus Christ in nearly every address he has given since becoming the President of the Church. He summed it up so concisely: “Joy comes from and because of Him. ... For Latter-day Saints, Jesus Christ is joy!”

We are members of the Church of Jesus Christ. We are members of the church of joy! And nowhere should our joy as a people be more apparent than when we gather together each Sabbath in our sacrament meetings to worship the source of all joy! Here we assemble with our ward and branch families to celebrate the sacrament of the Lord’s Supper, our deliverance from sin and death, and the Saviour’s powerful grace! Here we come to experience the joy, refuge, forgiveness, thanksgiving, and belonging found through Jesus Christ!

Is this spirit of collective rejoicing in Christ what you find? Is this what you bring? Maybe you think this doesn’t have much to do with you, or perhaps you are simply used to how things have always been done. But we can all contribute, no matter our age or our calling, to making our sacrament meetings the joy-filled, Christ-focused, welcoming hour they can be, alive with a spirit of joyful reverence.

Joyful Reverence

Joyfulreverence? “Is that a thing?” you may ask. Well, yes, it is! We deeply love, honour, and respect our God, and our reverence flows from a soul that rejoices in Christ’s abundant love, mercy, and salvation! This joyful reverence to the Lord should characterise our sacred sacrament meetings.

However, for many, reverence only means this: folding our arms tightly around our chests, bowing our heads, closing our eyes, and holding still—indefinitely! This might be a helpful way to teach energetic young children, but as we grow and learn, let us see that reverence is so much more than this. Is that how we would be if the

kol sa kagalakang nagmumula sa buhay na nakasentro kay Jesucristo sa halos lahat ng kanyang mensahe mula nang siya ay naging Pangulo ng Simbahan. Malinaw niya itong ibinuod: “Ang kagalakan ay nagmumula sa at dahil sa Kanya. ... Para sa mga Banal sa mga Huling Araw, si Jesucristo ang kagalakan!”

Tayo ay mga miyembro ng Simbahan ni Jesucristo. Tayo ay mga miyembro ng simbahan ng kagalakan! At wala nang iba pang paraan kung saan mas makikita ang ating kagalakan bilang isang simbahan kaysa sa sama-sama nating pagtitipon tuwing Sabbath sa ating mga sacrament meeting para sambahin ang pinagmulan ng lahat ng kagalakan! Dito ay nagtitipon tayo kasama ng ating mga ward at branch para gunitain ang sakramento ng Hapunan ng Panginoon, ang pagliligtas sa atin mula sa kasalanan at kamatayan, at sa makapangyarihang biyaya ng Tagapagligtas! Pumaparito tayo para maranasan ang kagalakan, kanlungan, kapatawaran, pasasalamat, at pakikipagkapatiran na matatagpuan sa pamamagitan ni Jesucristo!

Ang diwa bang ito ng sama-samang pagkagalak kay Cristo ang hanap ninyo? Ito ba ang inaalay ninyo? Maaaring sa palagay ninyo ay wala itong gaanong kinalaman sa inyo, o marahil ay nasanay na kayo sa mga bagay na nakagawian. Pero lahat tayo ay may magagawa, anuman ang ating edad o calling, para makatulong na ang ating mga sacrament meeting ay mapuno ng kagalakan, nakatuon kay Cristo, malugod na tinatanggap ang lahat, at puno ng diwa ng pagpipitagan na may kagalakan.

Pagpipitagan na may Kagalakan

Pagpipitagan na maykagalakan? Marahil ay maitatanong ninyo, “May ganyan ba?” Oo, mayroon! Lubos ang ating pagmamahal, pagbibigay-puri, at paggalang sa ating Diyos, at ang ating pagpipitagan ay nagmumula sa kaluluwang nagagalak sa saganang pagmamahal, awa, at kailigtasan ni Cristo! Ang pagpipitagan na may kagalakan para sa Panginoon ang dapat na maging diwa ng ating mga sagradong sacrament meeting.

Gayunman, para sa marami, ito lang ang kahulugan ng pagpipitagan: nakaayos ang ating mga kamay na parang nagdarasal, nakayuko ang ating mga ulo, nakapikit ang ating mga mata, at hindi paggalaw—nang matagal! Maaaring makatulong ito sa pagtuturo sa malilikot na bata, pero sa kanilang paglaki at pagkatuto, tiyakin

Saviour were with us? No, for “in [His] presence is fulness of joy”!

Well, for many of us this transformation in sacrament services will take practice.

Attending versus Worshipping

We do not gather on the Sabbath simply to attend sacrament meeting and check it off the list. We come together to worship. There is a significant difference between the two. To attend means to be present at. But to worship is to intentionally praise and adore our God in a way that transforms us!

On the Stand and in the Congregation

If we are gathering in remembrance of the Saviour and the redemption He has made possible, our faces should reflect our joy and gratitude! Elder F. Enzio Busche once told the story of when he was a branch president and a young boy in the congregation looked at him on the stand and asked loudly, “What is the man with that mean face doing up there?” Those who sit on the stand—speakers, leaders, choirs—and those who gather in the congregation communicate to each other this “welcome to the church of joy” through the expressions they wear on their faces!

Hymn Singing

As we sing, are we joining together to praise our God and King no matter the quality of our voices, or are we just mumbling or not singing at all? Scripture records that “the song of the righteous is a prayer unto [God]” in which His soul delights. So let’s sing! And praise Him!

Talks and Testimonies

We center our talks and testimonies on Heavenly Father and Jesus Christ and the fruits of humbly living Their gospel, fruits that are “sweet above all that is sweet.” Then we truly

natin na higit pa rito ang kahulugan ng pagpipitagan. Ganyan ba ang gagawin natin kung kasama natin ngayon ang Tagapagligtas? Hindi, dahil “sa [Kanyang] harapan ay may kapuspusan ng kagalakan”!

Para sa marami sa atin, ang pagpapahusay ng mga sacrament meeting sa ganitong paraan ay mangangailangan ng panahon at pagsisikap.

Pagdalo kumpara sa Pagsamba

Hindi tayo nagtitipon sa araw ng Sabbath para lamang dumalo sa sacrament meeting at masabing nagawa natin ito. Nagtitipon tayo para sumamba. May malaking pagkakaiba sa dalawang ito. Ang ibig sabihin ng pagdalo ay pagpunta sa isang kaganapan. Ngunit ang pagsamba ay ang sadyang pagbibigay-puri at pagbibigay-galang sa Diyos sa paraang magpapabago sa ating sarili!

Sa Harapan at sa Kongregasyon

Kung tayo ay nagtitipon para alalahanin ang Tagapagligtas at ang pagtubos na ginawa Niyang posible, dapat nasasalamatin sa ating mga mukha ang ating kagalakan at pasasalamat! Minsan ay ikinuwento ni Elder F. Enzio Busche na noong siya ay naglilingkod bilang branch president, isang batang lalaki sa kongregasyon ang tumingin sa kanya sa harapan at nagtanong, “Anong ginagawa ng taong mukhang masungit diyan sa itaas?” Ang mga nakaupo sa itaas—mga tagapagsalita, lider, at koro—at ang mga nagtitipon sa kongregasyon ay ipinahihiwatig sa isa’t isa ang “pag-welcome sa simbahan ng kagalakan” sa pamamagitan ng mga ekspresyon sa kanilang mga mukha!

Pag-awit ng mga Himno

Sa ating pag-awit, tayo ba ay sama-samang nagbibigay ng papuri sa ating Diyos at Hari, anuman ang kalidad ng ating boses, o tayo ba ay bumubulung-bulong lang o hindi talaga umaawit? Nakatala sa mga banal na kasulatan na “ang awit ng mabubuti ay isang panalangin sa [Diyos]” at nalulugod ang Kanyang kaluluwa rito. Kaya’t magsiawit tayo! At purihin Siya!

Mga Mensahe at Patotoo

Ang ating mga mensahe at patotoo ay nakasentro sa Ama sa Langit at kay Jesucristo at sa mga bunga ng mapagpakumbabang pamumuhay ng Kanilang ebanghelyo, ang mga bunga na

“feast ... even until [we] are filled, that [we] hunger not, neither ... thirst,” and our burdens become lighter through the joy of the Son.

The Sacrament

The glorious focal point of our services is the blessing and receiving of the sacrament itself, the bread and the water representing the atoning gift of our Lord and the whole purpose of our gathering. This is “a sacred time of spiritual renewal” when we witness anew that we are willing to take upon us the name of Jesus Christ and make again the covenant to always remember the Saviour and keep His commandments.

In some seasons of life, we may approach the sacrament with heavy hearts and overwhelming loads. At other times, we come free and unburdened from cares and troubles. As we listen intently to the blessing of the bread and water and partake of those sacred tokens, we may feel to reflect on the sacrifice of the Saviour, His agonies in Gethsemane, His anguish on the cross, and the sorrows and pains He endured on our behalf. That will be what relieves our souls as we connect our suffering to His. At other times, we will feel to wonder with grateful awe at the “exquisite and sweet” joy of what Jesus’s magnificent gift has made possible in our lives and in our eternities! We will rejoice for what is yet to come—our cherished reunion with our beloved Father and risen Saviour.

We may have been conditioned to suppose that the purpose of the sacrament is to sit in the pew thinking only about all the ways we messed up during the week before. But let’s turn that practice on its head. In the stillness, we can ponder the many ways we have seen the Lord relentlessly pursue us with His wonderful love that week! We can reflect on what it means to “discover the joy of daily repentance.” We can give thanks for the times the Saviour entered into our struggles and our triumphs and the occasions

“pinakamatamis sa lahat ng matamis.” At tayo ay tunay na “magpapakabusog ... hanggang sa [tayo] ay mapuno, upang hindi na [tayo] magutom pa, ni ... mauuhaw,” at maging magaan ang ating pasan sa pamamagitan ng kagalakan ng Anak.

Ang Sakramento

Ang maluwalhating sentro ng ating pagpupulong ay ang pagbabasbas at pagtanggap ng sakramento mismo, ang tinapay at tubig na kumakatawan sa nagbabayad-salang kaloob ng ating Panginoon, at siyang pinakalayunin ng ating pagtitipon. Ito ay “isang sagradong oras ng espirituwal na pagpapanibago” kung kailan muli tayong sumasaksi na pumapayag tayong taglayin natin ang pangalan ni Jesucristo at muling naki-kipagtipan na laging aalalahanin ang Tagapagligtas at susundin ang Kanyang mga kautusan.

Sa ilang yugto ng buhay, maaaring lumapit tayo sa sakramento nang may kalungkutan at nakapanlulumong pasanin. Sa ilang pagkakataon naman, lumalapit tayo nang malaya at walang pasan na mga alalahanin at problema. Habang taimtim nating pinakikinggan ang pagbabasbas sa tinapay at tubig at tinatangap ang mga sagradong simbolong ito, maaaring mahikayat tayong pagnilayan ang sakripisyo ng Tagapagligtas, ang Kanyang pagdurusa sa Getsemani at sa krus, at ang mga pagdadalamhati at sakit na tiniis Niya para sa atin. At iyan ang magbibigay ng lunas sa ating mga kaluluwa, kapag iniuugnay natin ang pagdurusa natin sa Kanyang mga pagdurusa. Sa ilang pagkakataon, namamangha tayo nang may pasasalamat sa “[ma]ganda at [ma]tamis” na kagalakan na ginawang posible ng kahanga-hangang kaloob ni Jesus sa ating buhay at sa ating kawalang-hanggan! Magagalak tayo sa mangyayari sa hinaharap—ang ating pinakahihintay na muling pagkikita sa ating minamahal na Ama at nabuhay na mag-uling Tagapagligtas.

Marahil ay nasanay tayo na ang layunin ng sakramento ay maupo lamang at isipin ang lahat ng nagawa nating kamalian sa nakaraang linggo. Ngunit dapat nating baguhin iyan. Sa katahimikan, maaari nating pagnilayan ang maraming pagkakataon na walang humpay na nagsikap ang Panginoon para maipadama sa atin ang Kanyang pagmamahal sa nakaraang linggo! Maaari nating pagnilayan ang ibig sabihin ng “tuklasin ang galakna dulot ng araw-araw na pagsisisi.” Maaari nating pasalamatan ang mga pagkakataong tinu-

when we felt His grace, forgiveness, and power giving us strength to overcome our hardships and bear our burdens with patience and even good cheer.

Yes, we ponder the sufferings and injustices inflicted upon our Redeemer for our sin, and that does cause sober reflection. But we sometimes get stuck there—in the garden, at the cross, inside the tomb. We fail to move upward to the joy of the tomb bursting open, the defeat of death, and Christ's victory over all that might prevent us from gaining peace and returning to our heavenly home. Whether we shed tears of sorrow or tears of gratitude during the sacrament, let it be in awesome wonder at the good news of the Father's gift of His Son!

Parents with Children Who Are Young or Have Special Needs

Now, for parents of children who are young or have special needs, there is often no such thing as a time of stillness and quiet reflection during the sacrament. But in small moments throughout the week, you can teach by example the love, gratitude, and joy you feel for and from the Saviour as you constantly care for His little lambs. No effort in this pursuit is wasted. God is so aware of you.

Family, Ward, and Branch Councils

Likewise at home, we can begin to enhance our hopes and expectations for our time at church. In family councils, we can discuss how each individual can contribute in meaningful ways to welcoming all to the church of joy! We can plan and expect to have a joyful experience at church.

Ward and branch councils can envision and create a culture of joyful reverence for our sacrament hour, identifying practical steps and visual

lungan tayo ng Tagapagligtas sa ating mga problema at mga tagumpay at sa mga pagkakataong nadama natin ang Kanyang biyaya, kapatawaran, at kapangyarihan na nagbibigay sa atin ng lakas na mapagtagumpayan ang ating mga paghihirap at makayanan ang ating mga pasanin nang may tiyaga at galak.

Oo, pagnilayan natin ang mga pagdurusa at kawalang-katarungan na dinanas ng ating Tagapagligtas para sa ating mga kasalanan, at iyan ay maghihikayat ng taimtim na pagninilay. Ngunit minsan ay dito lang tayo nakatuon—sa halaman, sa krus, at sa loob ng libingan. Hindi natin nagagawang pagtuunan ng pansin ang kagalakan ng pagbubukas ng libingan, ang pagkagapi ng kamatayan, ang tagumpay ni Cristo laban sa lahat ng pipigil sa atin na matanggap ang kapayapaan at makabalik sa ating tahanan sa langit. Tayo man ay lumuluha dahil sa kalungkutan o pasasalamat sa oras ng sakramento, nawa ito ay para sa pagkamangha sa magandang balita ng kaloob ng Ama na Kanyang Anak!

Mga Magulang na may Maliliit na Anak o may mga Anak na may Espesyal na Pangangailangan

Ngayon, para sa mga magulang na may maliit na anak o may mga anak na may espesyal na pangangailangan, madalas ay wala silang panahon ng katahimikan at payapang pagninilay sa oras ng sakramento. Ngunit sa maiikling sandali sa buong linggo, maaari ninyong ituro sa pamamagitan ng inyong halimbawa ang pagmamahal, pasasalamat, at kagalakang nadarama ninyo para sa at mula sa Tagapagligtas habang patuloy ninyong pinangangalagaan ang Kanyang maliliit na tupa. Walang nasasayang sa mga pagsisikap na ito. Alam ng Diyos ang inyong kalagayan.

Mga Family, Ward, at Branch Council

Sa tahanan din, masisimulan nating pagbutihin ang ating mga inaasahan para sa ating pagdalo sa simbahan. Sa mga family council, maaaring talakayin kung ano ang makabuluhang mga paraan na magagawa ng bawat isa para malugod na tanggapin ang lahat sa simbahan ng kagalakan! Maaari tayong magplano at umasa na magkaroon ng masayang karanasan sa simbahan.

Ang mga ward at branch council ay maaaring magplano at bumuo ng isang kultura ng pagpipitagan na may kagalakan para sa oras ng

cues to help.

Joy

Joy looks different for different people. For some, it may be exuberant greetings at the door. For others, it might be quietly helping people feel comfortable by smiling and sitting next to them with a kind and open heart. For those who feel left out or on the margins, the warmth of this welcome will be crucial. Ultimately, we can ask ourselves how the Saviour would want our sacrament hour to be. How would He want each one of His children to be welcomed, cared for, nourished, and loved? How would He want us to feel when we come to be renewed through remembering and worshipping Him?

Conclusion

At the start of my journey of faith, joy in Jesus Christ was my first great discovery, and it changed my world. If you have yet to discover this joy, embark on its quest. This is an invitation to receive the Saviour's gift of peace, light, and joy—to revel in it, to wonder at it, and to rejoice in it every Sabbath.

Ammon in the Book of Mormon expresses the feelings of my heart when he says:

“Now have we not reason to rejoice? Yea, I say unto you, there never were [a people] that had so great reason to rejoice as we, since the world began; yea, and my joy is carried away, even unto boasting in my God; for he has all power, all wisdom, and all understanding; he comprehendeth all things, and he is a merciful Being, even unto salvation, to those who will repent and believe on his name.

“Now if this is boasting, even so will I boast; for this is my life and my light, ... my joy, and my great thanksgiving.”

sakramento, na tinutukoy ang praktikal na mga paraan na makakatulong.

Kagalakan

Ang kagalakan ay may iba't ibang kahulugan para sa iba't ibang tao. Para sa ilan, ito ay ang masayang pagbati sa pintuan. Para sa iba, ito ay ang tahimik na pagtulong sa mga tao na mag-ing komportable sa pamamagitan ng pagngiti at pagtabi sa kanila nang may kabaitan at pagmamahal. Para sa mga taong nakadarama na sila ay nalimutan na o malayo ang loob sa atin, ang init ng pagtanggap na ito ay talagang napakahalaga. Sa huli, maaari nating itanong sa ating sarili kung anong klaseng sacrament meeting ang nais ng Tagapagligtas para sa atin. Paano kaya Niya nais madama ng Kanyang mga anak na sila ay malugod na tinatanggap, inaalagaan, inaaruga at minamahal? Ano kaya ang nais Niyang madama natin kapag tayo ay dumadalo para mapanibago ang ating sarili sa pamamagitan ng pag-alaala at pagsamba sa Kanya?

Katapusan

Sa simula ng aking landas ng pananampalataya, ang kagalakan kay Jesucristo ang aking unang pinakamalaking natuklasan, at ito ang nagpabago sa aking mundo. Kung hindi pa ninyo natutuklasan ang kagalakang ito, simulan itong hanapin. Ito ay paanyayang tanggapin ang kaloob ng Tagapagligtas na kapayapaan, liwanag, at kagalakan—na magsaya dahil dito, mamanghaharap, at magalak dahil dito tuwing Sabbath.

Ang mga salita ni Ammon sa Aklat ni Mormon ay nagpapahiwatig ng nadarama ng aking puso:

“Ngayon, hindi ba't may dahilan upang tayo ay magsaya? Oo, sinasabi ko sa inyo, kailanma'y walang taong may gayong kalaking dahilan upang magsaya kaysa sa atin, mula pa nang magsimula ang daigdig; oo, at ang aking kagalakan ay natatangay, maging hanggang sa ipagmalaki ang aking Diyos; sapagkat taglay niya ang lahat ng kapangyarihan, lahat ng karunungan, at lahat ng kaalaman; nalalaman niya ang lahat ng bagay, at isa siyang maawaing Katauhan, maging hanggang sa kaligtasan, sa mga yaong magsisisi at maniniwala sa kanyang pangalan.

“Ngayon, kung ito ay pagmamalaki, gayon pa man ako ay magmamalaki; sapagkat ito ang aking buhay at aking liwanag, ... aking kaga-

Welcome to the church of joy! In the name
of Jesus Christ, amen.

lakan, at aking labis na ipinagpapasalamat.”
Welcome sa simbahan ng kagalakan! Sa pan-
galan ni Jesucristo, amen.